

Pagkaraan ng karagdagang iksamen, karamihan sa mga babae ay magkakaroon na ng normal na resulta at makakabalik na sa programa para sa kanilang kasunod na appointment upang magpasuri.

Ngunit paano kung ang resulta ng aking karagdagang iksamen ay hindi normal?

Ang ilan sa mga babae ay mangangailangan ng biopsy. Ang biopsy ay ang pagtatanggal ng maliit na piraso ng kalamnan ng suso upang iksaminin ito. May tatlong uri ng biopsy:

- Ang **ultrasound core biopsy** ay gumagamit ng karayom upang tanggalin ang kapisaso ng laman para ma-iksamen kapag may naramdaman o nakitang bukol sa ultrasound.
- Ang **stereotatic core biopsy** ay gumagamit ng karayom upang tanggalin ang kapisaso ng laman ng suso sa bahaging nakikita lang sa pamamagitan ng mammogram.
- Ang **surgical biopsy** ay ginagawa ng isang surgeon na tatanggalin ang kapisaso ng laman ng suso sa loob ng klinika o operating room.

Paano kung ang mga kasunod na pagsusuri (follow-up tests) ay may makitang kanser?

Ang iyong doktor ay siyang tatanggap ng gayong resulta at tutulong sa pag-aayos ng gagawing pangangalaga sa iyo.

Walang may gustong magkaroon ng kanser sa suso, subalit kapag maagap na nadiskubri ang kanser, higit na malaki ang tsansa na gumaling at mas madali ang paggamot dito.

Pakitawagan ang Breast Screening Program kung kailangan mo pa ng karagdagang impormasyon o kung mayroong bumabagabag sa iyo.

Winnipeg 788-8000
Brandon 578-2040
Long Distance 1-800-903-9290
www.cancercare.mb.ca/MBSP/

Saan ako makakakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa kalusugan ng suso o kanser sa suso?

CancerCare Manitoba Breast Cancer Centre of Hope
691 Wolseley Avenue
Winnipeg MB R3G 1C3
Tawagan: 788-8080 o 1-800-660-4866
www.cancercare.mb.ca/HOPE

Layunin:

Ang centre ay tumutulong sa sinumang tao na nababalisa tungkol sa kaniyang suso o kaya naman ay nagkaroon na ng kanser sa suso. Nagbibigay sila ng impormasyon, tulong at referral. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng telepono o personal. Maaari kang:

- makipagkita sa isang nurse upang matulungan kang unawain ang mga tests at rekomendasyon
- mai-refer sa mga taong may karanasang tulad ng sa iyo; mga boluntaryong maaaring makatulong sa iyo
- mai-refer ka sa propesyonal na taga-payo
- magpunta sa library
- makakuha ng mga polyeto ng impormasyon
- makapagtanong tungkol sa prosthesis bank
- makatanggap ng newsletter
- magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga serbisyo at iba pang grupong makakatulong sa iyo sa rural at hilagang Manitoba

Maaari kaming kumuha ng tagapagsalin ng wika (interpreter) kung hindi kayo nakakapagsalita ng wikang Ingles.

Pagkatapos ng Iyong Pagpapasuri

PROGRAMA SA
PAGSUSURI NG SUSO
SA MANITOBA



MANITOBA
BREAST SCREENING
PROGRAM

All translated materials completed in partnership with Sexuality Education Resource Centre

www.cancercare.mb.ca/MBSP/

Filipino/Tagalog

 **CancerCare**
MANITOBA

Ano ba ang mangyayari pagkatapos kong ipasuri ang aking mga suso?

Sa kasunod na mga araw pagkatapos ng iyong pagpapasuri, pag-aaralan ng radiologist (x-ray doctor) ang iyong mammogram. Aalamin niya kung ang iyong mammogram ay normal o kung kailangan mo pa ng karagdagang pagpapa-iksamen. Higit sa 93% ng mga babaeng kasali sa aming programa ay may normal na resulta. At para naman sa mga babaeng mangangailangan ng karagdagang iksamen, karamihan ay walang makikitang kanser sa suso.

Matatanggap ko ba ang resulta?

Sa loob ng dalawang lingo ay ipaalam ng Manitoba Breast Screening Program sa iyo at sa iyong doktor ang resulta ng iyong mammogram. Minsan, maaaring tumagal kung kailangang hingin muna namin sa ibang klinika ang resulta ng mga nauna mong mammogram.

Magkakaroon ba ako ng problema pagkatapos ng mammogram?

Karamihan ng babae ay hindi magkakaroon ng problema pagkatapos ng kanilang pagpapasuri. Ang ilan ay maaaring makaranas ng pamumula o pasa na mawawala naman pagkaraan ng ilang araw. Kung minsan, maaaring magasgas ang manipis na balat sa ilalim ng suso na sakop ng bra. Panatilihin malinis at tuyo ang balat sa bahaging iyon ng katawan upang gumaling agad at maiwasan ang anumang problema. Kausapin ang iyong doktor kung mayroong pangangati, impeksyon, o iba pang problema sa suso na ayaw gumaling.

Lahat ba ng kanser sa suso ay nakikita sa mammogram?

Halos 2 sa 10 kanser sa suso ay hindi nakikita sa mammogram. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga para sa iyo ang:

- Regular na pagpapasuri ng iyong suso sa iyong doktor.
- Alamin at tandaan ang normal na itsura at pakiramdam ng iyong mga suso.

- Kontakin ang iyong doktor kung may mapapansin kang pagbabago sa iyong suso sa pagitan ng iyong mga check-ups.

Kailan ako dapat bumalik?

Karamihan sa kababaihan ay pabalik sa Programa pagdating ng **ikalawang** taon.

May ilang kababaihan naman ang pabalik taun-taon. Ang kadalasang dahilan nito ay:

- Mayroon kang matinding family history ng kanser sa obaryo o kanser sa suso.
- Sa palagay ng radiologist, mas makakabuti para sa iyo ang mas madalas na pagpapasuri.
- Ito ang una mong pagpapasuri at wala kaming ibang x-ray films upang ihambing ang bagong nakuhang resulta.

Padadalhan ka namin ng liham upang ipaalala sa iyo na oras na upang magpa-schedule ng iyong kasunod na appointment. Pakitawagan mo kami kung wala kang natanggap na liham.

Kung ang liham sa akin ay nagsasaad na kailangan ko pa ng karagdagang pagpapa-iksamen, ano ang aking dapat gawin?

Mahalagang malaman mo na 9 sa bawat 10 babaeng pinabalik para sa karagdagang pagpapasuri ay **walang** kanser sa suso. Ang karagdagang pagsusuri ay bahagi ng pangkaraniwang screening. Kadalasan, ang dahilan ng pagkakaroon ng abnormal na resulta ay mga benign (hindi kanser) na pagbabago sa suso.

Ang mga babaeng mangangailangan ng muling pagpapa-iksamen ay tatanggap ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng liham o ng telepono. Ang mga karagdagang iksamen ay maaaring isaayos sa dalawang paraan:

- Sa pamamagitan ng iyong doktor o
- Sa pahintulot ng iyong doktor, ang screening program ang gagawa ng appointment para sa iyo. Sa ganitong kaso, tatawagan ka namin sa telepono upang ipaalam sa iyo ang araw at oras ng iyong appointment.

Anu-anong iksamen ang aking kakailanganin?

Karamihan sa kababaihan ay angangailangan ng alin man sa:

- diagnostic mammogram o
- ultrasound

Ang **diagnostic mammogram** ay gagamitin upang mas lalong makita ang bahaging may problema.

- Gumagamit ito ng mas malakas na presyon upang mas makita at makilatis ang manipis na bahagi ng kalamnan ng suso
- Maaari nitong palakihin ang bista ng bahagi ng kalamnan ng suso upang mas lalong makita sa pagsusuri.

Ang **ultrasound** ay gumagamit ng sound waves upang makuhanan ng larawan ang iyong suso. Maaaring malaman sa pamamagitan ng ultrasound ang kaibahan ng cysts (walang panganib na bukol na ang laman ay likido lamang), at abnormal (hindi normal) na bukol.

Saan ko maaaring gawin ang pagpapa-iksamen dito sa Manitoba?

Maaari kang papuntahin sa alin man sa mga sumusunod:

Winnipeg:

- Health Sciences Centre
- Manitoba X-ray
- Radiology Consultants of Winnipeg
- St. Boniface Hospital

Brandon:

- Brandon Regional Health Centre

Dauphin:

- Dauphin Health Centre (ultrasound lamang)

Thompson:

- Thompson General Hospital

Winkler/Morden:

- Boundary Trails Health Centre